



Istratehiya sa LGBTIQA+

‘Aming mga katawan, aming mga kasarian at
aming mga relasyon’

Bersyon 1.0 – Hunyo 2020
Filipino (Tagalog)

[ndis.gov.au](https://www.ndis.gov.au)

ndis

June 2020 | NDIA's LGBTIQ+ Strategy

Mga Nilalaman

Istratehiya sa LGBTIQA+ ng National Disability Insurance Agency

1. Pambungad	3
2. Ang aming narinig	4
2.1 Ang aming katawan	4
2.2 Ang aming mga kasarian	4
2.3 Ang aming mga relasyon	4
2.4 Pagsasali-salikop (Intersectionality)	4
3. Ang mga nagawa na natin sa ngayon	5
4. Ang aming layunin	6
4.1 Pagpapabuti sa ating pansamahang kultura at mga saloobin	7
4.2 Pagpapahusay ng aming pamamaraan sa pakikipag-ugnayan	7
4.3 Tumataas na representasyon at pakikilahok	8
4.4 Pagpapahusay ng pangangalap ng datos at pagtatasa	8
5. Detalyadong mga Prayoridad na Aksyon	8
6. Pagsukat sa epekto	11
7. Mga pasasalamat	13
8. Apendiks - Talasalitaan	14

Kinikilala ng NDIA ang Tradisyonal na mga Custodian ng Bansa sa buong Australya at ang kanilang patuloy na kaugnayan sa lupa, dagat at komunidad. Nagbibigay-galang kami sa kanila at sa kanilang mga kultura at sa mga Elder ng nakaraan, sa kasalukuyan at sa papausbong pa lang.

1. Pambungad

Ang National Disability Insurance Agency (ang Ahensya o NDIA) ay nakatuon sa pagtiyak na ang mga lesbian, gay, bisexual, transgender, intersex, queer at questioning, at asexual (LGBTIQA+) na may kapansanan (tingnan ang **Apendiks 1-Talasalitaan** para sa buong kahulugan) ay may magkakapantay at nagagamit na pagkakataon upang makinabang mula sa nangunguna sa mundo na National Disability Insurance Scheme (NDIS).

Inanyayahan ng NDIA ang mahahalagang matataas na mga organisasyon at mga kalahok sa isang serye ng mga palihan (workshops) upang talakayin ang access at karanasan sa NDIS ng mga taong may kapansanan mula sa mga komunidad ng LGBTIQA+. Batay sa input na ito, at feedback mula sa survey ng kalahok, ang Ahensiya ay bumuo ng Istratehiya sa LGBTIQA+ (ang Istratehiya), upang tugunan ang mga hamon at palakasin ang mga pagkakataon upang makamit ng mga LGBTIQA+ ang pinakamahusay na mga kalalabasan mula sa kanilang plano ng NDIS.

Ang Istratehiya ay naglalayong matiyak ang kaligtasang kultural para sa lahat ng mga kalahok at lumikha ng kapaligirang ligtas sa espirituwal, panlipunan, pandamdamin, at pisikal na aspeto. Ang kaligtasang kultural ay tungkol sa pagbabahagi ng paggalang, pagbabahagi ng kahulugan, pagbabahagi ng kaalaman at karanasan na matuto nang magkakasama.¹

Ang Istratehiya ay nakatuon sa pagtiyak na ang NDIS ay naihahatid sa paraang nagbibigay-galang at nagsasaalang-alang sa panlipunan, kultural, wika at katawan, kasarian, sekswalidad at mga pangangailangan sa relasyon at mga lakas ng indibidwal na LGBTIQA+ upang matiyak ang kanilang buong paglahok sa NDIS. Ito ay kaugnay sa mga kasalukuyang gawain ng ibang mga Kagawaran ng Commonwealth at Pamahalaang Estado.

Ang pundasyong ng istatehiyang ito ay mga karaniwang prinsipyo na nauugnay sa pagsasama (inclusion) sa mga tao at mga personal na karapatan, na nangangahulugan na ang bawat kalahok ay dapat na:

- Tinatrato nang may dignidad at paggalang;
- Tinatanggap, nang walang paghuhusga o takot sa walang-galang na pag-uugali;
- Nauunawaan na may kalayaang magpasya (autonomy) sa kaniyang sariling katawan at kung paano ito ilalarawan
- Nirerespeto ang kanilang mga pinili, pangangailangan at relasyon at hindi mapanghimasok ang mga tanong.

Ang NDIA ay may tinukoy na apat na Maistratehiyang Layunin at 11 na mga Prayoridad na Aksyon upang maipatupad ang Istratehiya.

¹ Binuo mula sa Williams, R. (1999). Kaligtasang kultural – ano ang ibig sabihin nito para sa ating kagawian sa trabaho? Australian and New Zealand Journal of Public Health, 23(2), 213-214.

2. Ang aming narinig

Ang tema na panay nating naririnig sa buong mga workshop at pakikiugnay sa mga stakeholder ng LGBTIQA+ at mga kalahok ay:

"Huwag kaming kausapin na para kaming acronym lamang. Pag-usapan ang aming mga katawan, aming mga kasarian at aming mga relasyon."²

Ito ay sumasalamin sa kahalagahan ng pamamaraang mapagmalasakit at maunawain kung naghahangad na mapagbuti ang mga karanasan ng mga kalahok na LGBTIQA+, at kung paano binuo ng NDIA ang istratohiyang ito.

2.1 Ang aming katawan

"Kami ang magpapasya kung paano tatratuhin ang aming katawan, at ang mga paraan ng paglalarawan dito."

Igagalang ng NDIA ang mga salitang ginagamit ng mga tao para pag-usapan ang kanilang katawan, seksuwal na oryentasyon, mga katangian ng kasarian at identidad ng kasarian.

2.2 Ang aming mga kasarian

"Hindi lahat ng kinikilalala bilang 'Queer' ay may kaugnayan sa komunidad ng LGBTIQA+. Hindi ako naniniwala sa dalawang (binary) identidad ng kasarian gaya ng 'him' o 'her' — tanungin mo ako kung ano ang gusto kong tawag sa akin."

Tinatanggap ng NDIA na may iba't ibang mga paraan kung paano nauunawaan, inilalarawan at isinasangkatauhan ang kasarian at ito ay may malalim na koneksyon sa kalusugan, kabutihan, pagpapahayag ng sarili at pagpapasya sa sarili. Pinagtatibay ng NDIA na ang mga katangian ng biyolohikal na seks ay hindi tumutukoy sa identidad ng kasarian ng isang tao.

2.3 Ang aming mga relasyon

"Ang magawang ipaskil sa dingding ang mga larawan namin ng aking ex nang walang pangamba na huhusgahan ako nang negatibo ng mga tauhang bumibisita sa aking tahanan. Ang hindi na mag-censor ng sarili sa harap ng mga tauhan ay magiging isang kaluwagan sa dibdib."

Ang NDIA ay nakatuon sa pagpapatibay ng mga relasyon ng mga taong lumalahok sa NDIS nang walang diskriminasyon o paghuhusga at tinatanggap na ang mga relasyon ay mahalagang bahagi ng iba't ibang komunidad ng LGBTIQA +.

2.4 Pagsasali-salikop (Intersectionality)

Ang Intersectionality ay naglalarawan kung paano ang iba't ibang bahagi ng identidad o mga kalagayan ng isang tao – gaya ng edad, lahi, kultura, kapansanan, kasarian, lugar o

² Ang mga sipi (quote) na ginamit sa istratohiyang ito ay mula sa survey na isinagawa ng National LGBTI Health Alliance, mga kalahok sa workshop mula sa mga komunidad ng LGBTIQA + at iba pang mga pinagmulan.

relihiyon – ay nagsasali-salikop at nagsasama upang hubugin ang mga karanasan ng mga tao sa buhay, kabilang ang diskriminasyon³.

Kinikilala ng NDIA ang natatanging mga hamon na kinakaharap ng mga LGBTIQ+ na Aborihinal at Torres Strait Islander at mga CALD na may kapansanan, at kinikilala ang pangangailangan para sa suporta na sensitibo sa kultura at kaligtasan.

3. Ang mga nagawa na natin sa ngayon

Isang hanay ng mga pagkilos ang isinagawa upang mapagbuti ang karanasan ng mga kalahok na LGBTIQ+ na nagdudulot ng makabuluhang epekto. Ang aming Istratehiya ay nakabatay sa mga pundasyong ito upang masiguro ang pinakamahusay na mga kalalabasan para sa mga kalahok na LGBTIQ+ at mga komunidad.

Talahanayan 1

Aksyon	Epekto
Pagsasanay sa kamalayang kultural ng LGBTIQ+	Noong 2019, ang Ahensiya ay naglabas ng modyul sa Pagsasanay sa Kamalayang Kultural, Pagdiriwang ng Pagkakaiba-iba: Pagsasama (Inclusion) ng LGBTIQ+. Sa pagsapit ng Marso 2020, 6975 na mga kawani at kasosyo ng NDIA ang nagkumpleto ng pagsasanay. May binubuo ring webinar para sa lahat ng mga kawani ng paghahatid ng serbisyo, na nakatutok sa inklusyon ng LGBTIQ+ sa lugar ng trabaho. Ang pagtaas ng kasiyahan ng kalahok ay susukatin sa pamamagitan ng mga resulta ng survey ng kalahok, bilang ng mga reklamo at kahilingan para sa hindi nakaiskedyul na pagrerepaso (maliban sa pagbabago ng mga kalagayan).
Inisyatiba ng tinarget na pakikipag-ugnayan ng komunidad ng NDIA	Mula Oktubre 2019, ang mga pangkat ng pakikipag-ugnayan sa komunidad ay nakatuon sa pagtiyak na nalalaman at nararamdam ng mga komunidad ng LGBTIQ+ na ligtas ang pag-access at paggamit ng NDIS. Kabilang dito ang pagtatatag at pagpapalakas ng mga ugnayan sa mga pangunahing stakeholder sa komunidad ng LGBTIQ+, mga presentasyon, pagpupulong, at paglahok sa mga kaganapang ipagmamalaki (pride events). Ang pagiging epektibo ng mga kaganapan sa pakikipag-ugnayan sa komunidad ay susukatin sa pamamagitan ng bilang ng mga kaganapan na lalahukan ng Ahensiya at umuusbong na mga tema at mga kalakaran mula sa pakikipag-ugnayan ng pangunahing stakeholder.

³ LGBTIQ Inclusive Language Guide (2019) p7 Victorian State Government.

Aksyon	Epekto
Information, Linkages and Capacity Building (ILC)	Sa pinakahuling round ng paggawad ng ILC, 10 mga organisasyon ang tumanggap ng pagpopondo para sa mga inisyatiba na partikular na nakatutok sa mga may kapansanan mula sa komunidad ng LGBTIQA+, kabilang ang: • Inclusion Melbourne – na nagbubuo ng impormasyon na madaling ma-access upang suportahan ang pagsasama at koneksyon ng mga komunidad ng LGBTIQA+ sa mga serbisyong pandaigdigan • Raising Children Network – na lumilikha ng mga mapagkukunan sa online (online resources) para masuportahan ang mga magulang at pamilya, kabilang ang mga magulang ng LGBTIQA+ Ang pagiging epektibo ay susukatin sa pamamagitan ng mga ulat ng pagtatasa ng ILC.
Pagtataguyod ng mga araw na makabuluhan sa LGBTIQA+	Ginagamit ng NDIA ang mga pagkakataon upang aktibong makipag-ugnayan sa mga mahahalagang kaganapan sa kalendaryo ng LGBTIQA+ upang itaas ang kamalayan at itaguyod ang pagsasama, sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga hanay ng materyal na nakatutok sa LGBTIQA+ na may tatak ng NDIA. Ang NDIA ay kasalukuyang aktibo sa: • Mardi Gras Parade, 2017, 2018 at 2019. • Pandaigdigang Araw laban sa Homophobia, Transphobia at Biphobia (IDAHOBIT) Day, Mayo 2019. • Wear it Purple Day, Agosto 2019. • Geelong Rainbow Festival Fair Day, Pebrero 2020. • ChillOut Festival, Marso 2020.
NDIA Allies Network	Ang LGBTIQA+ Allies Network ng NDIA ay itinatag para sa mga empleyado upang makapagbigay ng ekspertong kaalaman at makapagbahagi ng mga karanasan, at masuportahan pa ang mga tao na nakikiisa sa komunidad ng LGBTIQA+. Ang pagiging epektibo ay susukatin sa pamamagitan ng mga resulta ng taunang census na may kaugnayan sa pagkakaiba-iba at anumang tema na inilahad mula sa Network.

4. Ang aming layunin

Upang matiyak na pinagsisilbihan ng Ahensya ang mga kalahok na LGBTIQA+, kanilang mga pamilya at mga komunidad nang may dignidad, ang aming Istratehiya ay may apat na maistratehiyang layunin:

- **Pagpapabuti ng aming kultura at saloobin sa samahan** sa pamamagitan ng higit na kakayahan sa pagtatrabaho at kasanayan ng lahat ng mga kawani, kasosyo at provider ng NDIA.
- **Pagpapabuti ng aming pamamaraan ng pakikipag-ugnayan** sa pamamagitan ng malapit na pakikipagtulungan sa mga kalahok na LGBTIQA+, sa mga rurok na lupon, mga komunidad, sa mas malawak na sektor ng kapansanan at lahat ng mga pamahalaan upang mas mahusay na tumugon sa mga pangangailangan ng mga LGBTIQA+ na may kapansanan.
- **Pataasin ng representasyon at partisipasyon** ng mga kalahok na LGBTIQA+ sa pamamagitan ng angkop sa kulturang impormasyon, sa pagtataguyod ng ganap na inklusibong mga suporta at pagbibigay ng ligtas sa kulturang mga pagkakataon upang magbigay ng feedback.
- **Pagpapabuti ng pangangalap at pagtatasa ng datos** upang mas maunawaan ang pagkakaiba-iba at karanasan ng mga kalahok sa pag-access ng Iskema at matasa ang epekto ng mga aksyon na ginagawa namin sa pagpapabuti sa kalaunan.

4.1 Pagpapabuti sa ating pansamahang kultura at mga saloobin

Sa pamamagitan ng mas malaking kakayahan sa pagtatrabaho at pagsasanay ng lahat ng kawani ng NDIA, mga kasosyo at mga provider.

Ang mga LGBTIQA+ na may kapansanan ay nagbahagi sa amin ng mga alalahanin tungkol sa mga di-inklusibong saloobin at pag-uugali ng mga tao at mga organisasyon na kasangkot sa NDIS. Ang NDIA ay may malinaw na pananaw na ang sinadya o di-sinasadyang diskriminasyon ay hindi katanggap-tanggap at nauunawaan na ang negatibong mga karanasan ay may impluwensiya kung ang isang tao ay mag-access ng NDIS at ang kanilang karanasan dito.

Narinig din ng NDIA na ang mga LGBTIQA+ na may kapansanan ay nais ng higit pang pagpipilian sa paraan ng pagsiwalat nila ng personal na mga detalye; may pakiramdam na ang mga serbisyo at provider ay madalas magsabi ng sobrang daming mga tanong na walang kabuluhan at mapanghimasok; at nanlulumo na kailangan pang 'turuan' ang mga tao tungkol sa pagkakaiba-iba ng pagpapahayag ng mga relasyon, mga katangian ng kasarian, mga identidad na sekswal at kasarian.

4.2 Pagpapahusay ng aming pamamaraan sa pakikipag-ugnayan

Sa pamamagitan ng malapit na pakikipagtulungan sa mga kalahok na LGBTIQA+, mga rurok na lupon, mga komunidad, mas malawak na sektor ng kapansanan at lahat ng mga pamahalaan upang mas mahusay na tumugon sa mga pangangailangan ng mga LGBTIQA+ na may kapansanan.

Ang mga LGBTIQA+ na may kapansanan ay nagsabi sa amin tungkol sa kanilang iba't ibang mga karanasan sa pag-unawa at pakikipag-ugnayan sa mga NDIS at sa mahahalagang mga samahan ay nagpahayag ng kanilang kasabikan at pagpayag na makipagtulungan nang mas malapit sa NDIA sa pagtugon sa mga pangangailangan ng kanilang stakeholder.

4.3 Tumataas na representasyon at pakikilahok

Sa pamamagitan ng inakma at angkop sa kulturang impormasyon, ang pagtataguyod ng ganap na inklusibong mga suporta at ligtas sa kulturang mga pagkakataon upang magbigay ng feedback

Nauunawaan namin na ang NDIA ay kailangang magbigay ng impormasyon at mga suporta na sumasalamín at nagbibigay-galang sa pagkakaiba-iba ng mga kalahok na LGBTIQ+ at mga komunidad.

4.4 Pagpapahusay ng pangangalap ng datos at pagtatasa

Upang mas maunawaan ang pagkakaiba-iba at karanasan ng mga kalahok na nag-aaccess ng Iskema at nagtatasa ng epekto ng mga aksyon na ginagawa namin upang makamitan ang mga pagpapabuti sa kalaunan.

Mahirap makakuha ng tumpak na larawan ng bilang ng mga LGBTIQ+ na may kapansanan sa Australya dahil sa kakulangan ng pambansang mga pangangalap ng datos na batay sa populasyon na may kaugnayang mga item ng datos⁴. Kami ay nakatuon sa pagpapabuti ng mga sistema at mga proseso ng NDIA para sa pangangalap, pagsubaybay at pagtatasa ng may kaugnayang datos upang harapin ang isyung ito, habang tinatandaan na ang nakabalangkas na datos ay matatagalan pa bago matukoy, makuha, at masuri.

5. Detalyadong mga Prayoridad na Aksyon

Ang mga prayoridad na aksyon na binalangkas namin ay mga partikular na pagbabago na gagawin namin upang maihatid sa aming maistratehiyang mga layunin, na nakaayon sa mga itinatag na pinahahalagahan ng NDIA at sumasalamín sa feedback na natanggap namin mula sa mga stakeholder sa panahon ng konsultasyon. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga prayoridad na aksyon, ang mga kalahok ng NDIS na nakikiisa sa mga komunidad ng LGBTIQ+ ay bibigyan ng pinakamagandang pagkakataon upang makamit ang kanilang mga layunin sa pagtatrabaho, edukasyon at pakikilahok sa lipunan.

⁴ Australian Institute of Health and Welfare 2018. Australia's Health 2018. Australia's health series blg. 16. AUS 221. Canberra: AIHW

Talahanayan 2

Aksyon	Mga Output	Kinumpleto ng
Pagpapabuti sa ating pansamahang kultura at mga saloobin		
1. Magtatag ng tagapayong grupo ng LGBTIQA+	Itinatag ang nagtatrabahong grupo (working group) upang magbigay ng patuloy na konsultasyon sa paghahatid at pagtatasa ngistratehiya	Oktubre 2020
	Nagsimula ng tatluhan buwan (quarterly) na mga virtual na sesyon ng pagtatrabaho upang talakayin ang progreso at magbahagi ng mga ideya/isyu	Nobyembre 2020
2. Pagbutihin ang mga gawing inklusibo upang: • Maunawaan ng aming mga frontline na kawani kung paano makipag-ugnayan nang magalang sa mga kalahok na LGBTIQA+. • Na nauunawaan ng mga rehistradong mga provider ng serbisyo ang istrategiya at mga inaasahan ng LGBTIQA+ ng Ahensiya kung paano makipag-ugnayan nang magalang sa mga kalahok na LGBTIQA+	Nagsagawa ng audit ng Ahensiya gamit ang 'LGBTI Inclusive Practice Audit Tool' mula sa Rainbow Health Victoria	Disyembre 2020
	Upgraded na Pagdiriwang ng Pagkakaiba-iba: LGBTIQA+ online na pagsasanay mula sa 'inirekomenda' hanggang sa 'ipinag-utos'	Hulyo 2020
	80% ng mga kawani ay nagkumpleto ng pagsasanay	Disyembre 2020
	Magkumpirma na ang PITC ay magsasagawa ng online na pagsasanay ng Ahensiya sa Kultural na kasanayan sa LGBTIQA+, o magpakita ng katibayan ng pagkumpleto ng pagsasanay	Marso 2021
	Bigyan ang lahat ng mga nakarehistrong provider ng elektronikong kopya ng Istratehiya sa LGBTIQA+	Hulyo 2020
3. Bumuo ng kikilalaning Kampeon ng LGBTIQA+ sa Senior Executive na antas.	Ang Kampeon ng LGBTIQA+ ay nakumpirma	Agosto 2020
	Dinaluhan ng hindi bababa sa isang panlabas na kaganapan bilang Kampeon ng LGBTIQA+ ng NDIA	Disyembre 2020
	Dinaluhan ng hindi bababa sa isang pulong ng nagtatrabahong grupo ng LGBTIQA+	Disyembre 2020

Pagpapahusay ng aming pamamaraan sa pakikipag-ugnayan

- | | | |
|---|---|--|
| 4. Bumuo ng isang plano sa komunikasyon at pakikipag-ugnayan kasama ang komunidad ng LGBTIQA+. | Ginawang final ang plano sa komunikasyon at pakikipag-ugnayan | Setyembre 2020 |
| 5. Magsagawa ng kumpidensyal na online survey ng mga kalahok na nagpapakilala bilang LGBTIQA+ upang mas maunawaan ang kanilang karanasan sa NDIS at tukuyin ang kinakailangan pang mga pagpapabuti. | Nagdagdag ng mga tanong sa survey ng Ahensiya sa karanasan ng kalahok upang makuha ang karanasan ng LGBTIQA+

Binuo ang mga resulta ng baseline na kasiyahan para sa ating komunidad ng LGBTIQA+

Hinanda at isinumite ang ulat | Nobyembre 2020

Enero 2021

Marso 2021 |

Tumataas na representasyon at pakikilahok

- | | | |
|--|--|--|
| 6. Tiyakin na ang kultural na kaangkupan ng panloob at panlabas na impormasyon ng Ahensiya at mga pinagkukunan para sa mga LGBTIQA+ na may kapansanan at mga komunidad. | Tinukoy na mga prinsipyo para sa pagsusulat at pakikipag-usap nang inklusibo ayon sa mga gabay sa estilo ng Ahensiya

Lahat ng mga dokumentong panlabas ay sinuri at na-update gaya ng kahingian

Lahat ng mga dokumentong panlabas ay sinuri at na-update gaya ng kahingian | Setyembre 2020

Pebrero 2021

Pebrero 2021 |
| 7. Tiyakin na ang mga mekanismo ng feedback, pagsusuri at reklamo ay ligtas sa kultura sa pamamagitan ng paniniguro na kumpidensiyal na magagawa ang mga ito. | Ang mga mekanismo ng feedback, pagrepaso at reklamo ay may pagpipilian na 'Mas gusto ko na ang aking tugon ay maging kumpidensiyal' sa mga opsyon sa pagsusumite | Marso 2021 |
| 8. Bumuo ng isang search function para sa mga kalahok upang malaman kung aling mga lokal na serbisyo ang may kakayahang magbigay ng magigiliw na suporta sa LGBTIQA+. | Feasibility study sa pagbuo ng function na isinasagawa

Nag-prototype at inilunsad ang function (depende sa feasibility) | Disyembre 2021

Disyembre 2022 |
| 9. Nakahanay sa Istratehiya ng Pamumuhunan ng ILC 2019-2020, patuloy na mamuhunan sa mga aktibidad ng ILC na nakatuon sa mga LGBTIQA+ na may kapansanan at tasahin ang epekto. | Istratehiya ng Pamumuhunan ng ILC at pagtatasa | Nagpapatuloy |

Pagpapahusay ng pangangalap ng datos at pagtatasa

10. I-update ang mga sistema ng datos ng NDIA upang magtala ng wastong impormasyon, at matiyak na ang mga paglalarawan sa sarili, mga titulo at mga pagpipilian sa kasarian para sa mga kalahok ay naaayon sa iba pang mga kagawaran ng pamahalaang Commonwealth.	Ang mga sistema ng negosyo ng NDIS ay maaaring i-search para sa datos na may kaugnayan sa mga LGBTIQ+ na may kapansanan Pinagbubuti ng NDIA ang pangangalap ng datos na nauugnay sa cohort ng LGBTIQ+, na nagbibigay-daan sa pinagbuting pagsukat ng mga bilang ng kalahok na LGBTIQ+; ang kanilang mga karanasan sa NDIS; at ang epekto ng anumang mga programa o pakikipag-ugnayan na pinamunuan ng Ahensya	Disyembre 2021 Disyembre 2021
11. Magsagawa ng pagsusuri ng kasalukuyang magagamit na datos at humingi ng input mula sa komunidad ng LGBTIQ+ upang lumikha ng snapshot ng mga kalahok na LGBTIQ+ sa Iskema.	Nasuri ang datos at inihanda ang ulat	Disyembre 2021

6. Pagsukat sa epekto

Sa paghahatid ng mga Prayoridad na Aksyon na nakalista sa itaas, ang tagumpay ngistratehiya na ito ay susukatin sa pamamagitan ng:

- Rate ng kasiyahan ng aming cohort na LGBTIQ+ sa average ng Ahensiya o mas mataas pa
- Ang partisipasyon ng cohort ng LGBTIQ+ sa average ng Ahensiya o mas mataas pa:



Mga kalahok na may mabuting trabaho
(para sa mga nasa edad nang magtrabaho) pagsapit ng 2023



Mga kalahok na aktibo sa mga gawaing panlipunan at sa komunidad pagsapit ng 2023

Upang ituloy ang pag-unlad sa mga item na ito, ang NDIA ay naglalayon na makumpleto:

Sa pagsapit ng Disyembre 2020

- Inilunsad ang tagapayong grupo ng LGBTIQA+
- Ginawang final ang plano ng komunikasyon
- Tinasa ang ating mga gawing inklusibo
- Lumahok sa apat na pambansang kaganapan sa komunidad
- Ibinahagi ang Istratehiya ng LGBTIQA+ sa aming mga Kasosyo sa Komunidad (PITC - Partners in the Community)
- Nagtatag ng isang Kampeon ng LGBTIQA+ sa antas na SES

Sa pagsapit ng Disyembre 2021

- Binuo ang baseline para sa survey ng kasiyahan para sa cohort ng LGBTIQA+
- Nirepaso at na-update ang lahat ng panlabas at panloob na mga dokumento para sa representasyong LGBTIQA+
- Ginawang final ang kumpidensyal na mga reklamo at mekanismo ng feedback
- Kinumpleto ng PITC ang online na pagsasanay sa mga kakayahang kultural ng LGBTIQA+
- Kumpidensyal na survey na may ulat ng mga kalahok
- Sinimulan ang feasibility study na nagbibigay ng search function sa kalahok upang matukoy ang mga suportang magiliw sa mga LGBTIQA+
- Ginawang final ang mga sistema ng datos (data systems) ng NDIA upang itala ang mga opsiyon sa kasarian at mga titulo para sa mga kalahok
- Ginawang final ang snapshot ng LGBTIQA+ na mga kalahok ng NDIS

7. Mga pasasalamat

Ang NDIA ay sumangguni sa (at nabigyan ng hindi matatawarang suporta mula sa) mga sumusunod na mga samahan ng espesyalistang sektor:

- Bisexual Alliance Victoria
- Black Rainbow
- Family Planning NSW
- First Peoples Disability Network
- Gay and Lesbian Health Victoria (GLHV) sa Australian Research Centre in Sex, Health & Society (ARCSHS) sa La Trobe University
- National Association of People Living with HIV/AIDS Australia (NAPWHA)
- National Ethnic Disability Alliance (NEDA)
- National LGBTI Health Alliance
- Intersex Human Rights Australia
- People with Disability Australia
- Positive Life NSW
- Pride Foundation Australia (formerly GALFA)
- Rainbow Rights and Advocacy
- Sydney & South Western Sydney Local Health Districts.
- Transgender Victoria
- Victorian Commissioner para sa Kasarian at Seksuwalidad
- Victorian Department of Health and Human Services Diversity Unit
- Women with Disabilities Australia
- WWILD Sexual Violence Prevention Association.

Gusto ring kilalanin ng NDIA ang mga indibidwal na kalahok na nagbahagi ng kanilang mga kuwento sa survey at sa aming mga workshop. Ang mga indibidwal ay hindi pinangalanan sa mga kadahilanan ng pagkapribado, gayunpaman hindi nito nababawasan ang kanilang papel sa pagbuo ng Istratehiya. Ang kanilang feedback tungkol sa Istratehiya ay napakahalaga, at ang paglaan ng kanilang panahon at katapatan ay pinupuri.

8. Apendiks - Talasalitaan

Ang 'LGBTIQA+' ay tumutukoy sa malawak na koleksyon ng mga komunidad at populasyon, na kinabibilangan ng mga taong nabubuhay na may kapansanan. Ang mga titik ng acronym ay tumutukoy sa:

- **Lesbian:** Isang babae na ang batayang damdamin at seksuwal na atraksyon ay para sa kababaihan.
- **Gay:** Isang tao na ang batayang damdamin at seksuwal na atraksyon ay para sa mga taong kapareho niya ang kinikilalang kasarian. Ang kataga ay kalimitang tumutukoy sa mga lalaki, bagama't ilang kababaihan at mga taong non-binary ay gumagamit nito.
- **Bisexual:** Isang tao na may seksuwal at/o emosyonal na atraksyon sa mga taong may higit sa isang seks o kasarian.
- **Trans and gender diverse (TGD):** Isang panlahatang kataga na ginagamit upang ilarawan ang sinuman na ang identidad o pagpapahayag ng kasarian ay naiiba sa itinalaga sa pagsilang, o inaasahan sa kaniya ng lipunan. Kabilang dito ang mga tao na kumikilala sa sarili bilang: trans, transgender, transsexual, genderqueer, non-binary, cross-dresser, Sistergirl, Brotherboy, at iba pang partikular sa kulturang mga identidad, pati na rin ang iba pang mga taguri ng kasarian. Ang mga TGD ay maaaring mag-access o hindi mag-access ng mga serbisyo sa medikal na pagtransisyon. Iba-iba ito para sa lahat at walang kahingian (requirement) para sa medikal na pagtransisyon upang maging transgender at/o gender diverse.
- **Intersex:** Ang mga intersex na tao ay ipinanganak na may mga katangian ng seks (kabilang ang mga pattern ng henitalya, gonad at kromosoma) na hindi napapaloob sa tipikal o inaasahang mga binary notion ng mga katawan ng lalaki o babae. Ang intersex ay panlahatang kataga na ginagamit upang ilarawan ang malawak na hanay ng mga likas na pagkakaiba-iba ng katawan. Sa ilang mga kaso, ang intersex na mga katangian ay makikita sa kapanganakan, habang sa iba ay makikita lang sa pagbibinatilyo o pagdadalagita. Ang ilang mga pagkakaiba-iba ng chromosomal intersex ay maaaring hindi pisikal na makikita sa kapanganakan at maaaring matukoy lamang sa pagbibinatilyo o pagdadalagita, o sa kalaunan ng buhay kapag nagsisimula na ng pamilya.
- **Queer:** Isang panlahatang kataga na kasama ang hanay ng iba't ibang mga identidad na seksuwal at kasarian, kabilang ang gay, lesbian, bisexual at transgender at iba pa.
- **Asexual:** Ang asexual na mga tao ay hindi nakakaramdam ng seksuwal na atraksyon. Ang mga asexual na tao ay may emosyonal na mga pangangailangan na tulad ng lahat ng tao at may kakayahan ding magtatag ng matatalik na relasyon. Malaki ang pagkakaiba sa komunidad ng asexual — bawat isang asexual na tao ay nakakaranas ng mga bagay-bagay na gaya ng mga relasyon, pagkaakit at pagpukaw ng damdamin nang medyo magkakaiba.⁵
- Ang '+' ay pagkilala na walang isang acronym na makakapaglarawan sa ganap at mayamang pagkakaiba-iba ng buhay ng mga tao at mga identidad.

⁵ Asexual Visibility and Education Network

Makipag-ugnay sa amin

Malugod na tinatanggap ng NDIS ang feedback sa aming Istratehiya sa LGBTIQ+.
Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa lathalaing ito, kontakin kami sa
enquires@ndis.gov.au

